Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
DIVISION OF CEBU PROVINCE
Sudlon, Lahug, Cebu City

Hulyo 29, 2019

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg. 447 s. 2019

**CORRIGENDUM TO DIVISION MEMORANDUM 432 S. 2019**
**RE: 2019 PANSANGAY NA PISTA NG WIKA**

**Para sa : Assistant Superintendents**
**CID/SGOD Chiefs**
**Education Program Supervisors/Coordinators**
**Public Schools District Supervisors**
**Elementary and Secondary Public School Heads**

1. Nais ipaalam ng Tanggapang ito ang pagwawasto sa lugar na pagdarausan ng **Pansangay na Pista ng Wika** para **sa sekundarya** ay sa **Alcoy National High School**, Alcoy, Cebu sa **Agosto 22, 2019** at ang **elementarya** naman ay sa **Oslob Central School**, Oslob, Cebu sa **Agosto 23, 2019**.

Ang *Area Level* na kompetisyon *sa* elementarya & sekundarya ay gaganapin sa mga sumusunod na mga lugar at petsa:

Agosto 13, 2019 – Northeast - Liloan CS (elementarya) Arcelo Memorial NHS (sekundarya)
Agosto 14, 2019 – Southwest - Badian NHS – (Elementarya at Sekundarya)
Agosto 15, 2019 – Southeast - Taloot Central School – – (Elementarya at Sekundarya)
Agosto 16, 2019 – Bantayan Island Schools -Bantayan Central School (Elem at Sekundarya)
Agosto 19, 2019 – Northwest - Asturias Central School (elem.) Looc Norte NHS (sekundarya)
Agosto 19, 2019 – Camotes Schools – Camotes NHS (elementarya at sekundarya)

2. Ang mga layunin ng gawaing ito ay ang mga susmusunod:

   1. Mabigyan ng kahulugan ang pagdiriwang ng Pista ng Wika sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga patimpalak;
   2. Malinang ang iba't-ibang kakayahan, talino, talento at galing ng mga mag-aaral sa Filipino;
   3. Maipakita ang mga nalinang na kakayahan sa paraang pagsulat, pagbigkas o pananalita at pagguhit na naaayon sa tema;
   4. Makapili ng pinakamagaling na mag-aaral na kakatawan ng Dibisyon ng Cebu sa Rehiyonal na Tagisan ng Talento.
   5. Maipatupad ang layunin sa pagpapalaganap ng pambansang wika at pambansang pagkakilanlan.

3. Ang mga patimpalak ay:

**Elementarya**
1) Sulat Bigkas ng Tula
2) Ispeling: Iispel MO!
3) 'Quiz Bee"
4) Isahang tinig
5) Dalawahang tinig (kasama ang magulang)
5) Sayawit *(area level only)*

**Sekundarya**
1) Dagliang Talumpati
2) Interpretatibong Pagbasa
3) Balagtasan
4) Isahang tinig
5) Dalawahang tinig (kasama ang magulang)

4. Ang mga kalahok sa *Area Level* na kompetisyon ay ang mga nakakuha sa **unang** gantimpala sa distrito at ang mga kalahok sa pansangay na kompetisyon naman ay ang **unang tatlong** nanalo sa *Area Level* sa sekundarya at **unang dalawang** nanalo naman sa elementarya.

5. Ang butaw para sa *area level* ay dalawang daang piso (Php200) bawat kategorya at sa *division level* naman ay isang daang piso (Php100.00) ang bawat kalahok at tagapagsanay sa sekundarya at sa elementarya na gugugulin para sa honorarya ng mga inampalan, renta, sertipiko, medalya, tropeyo, dekorasyon, pagkain ng mga panauhin at iba pang gastusin na may kinalaman sa nasabing aktibitis/gawain. Ang butaw, pagbibyahe at ibang *incidental* na gastusin ng mga kalahok, tagapagsanay at distritong tagapag-ugnay ay mangagaling sa local na pondo /school MOOE/SEF/PTA at ibang pondo na maaaring magamit na alinsunod sa patakaran na nakasaad sa mga regulasyon ng pagtutuos at pag-aawdit.

6. Kalakip sa Memorandum na ito ay ang mga Panuntunan at Pamantayan sa mga patimpalak para magiging gabay sa mga kinauukulan.

8. Inaasahan ang pakikiisa at kooperasyon ng mga Distritong Tagamasid (PSDS), Punong Guro at mga Guro sa Filipino para makamit ang mga layunin sa pansangay na gawaing ito.

9. Ang Memorandum na ito ay magsisilbing "**Authority to Travel"** ng mga kalahok.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RHEA MAR A. ANGTUD, Ed.D., CESO VI**
Schools Division Superintendent

Telephone Numbers:
Schools Division Superintendent (032556405
Asst. Schools Division Superintendent (032) 414-7457
Accounting Section (032) 254-2632
Disbursing Section (032) 255-4401
Admin/Legal (032) 253-7847

Website: www.depedcebuprovince.com
E-mail Add: depedcebuprovince@yahoo.com

| Paligsahan | **BALAGTASAN (sekundarya)** |
|---|---|

**Patnubay sa paglahok:**

1) Bukas ang Balagtasan sa lahat ng mga mag-aaral sa pampublikong hayskul (Grade 7-12)
2) Bawat pangkat ng kalahok ay may apat (4) na kasapi: 2 mambabalagtas, 1 lakandiwa, 1 tagapayo/tagasanay.
3) Ang pangkat ang siyang inaasahang susulat ng kanilang orihinal na piyesa na tatalakayin sa sumusunod na paksa:
   a) Makatarungan ba ang pasiya ng Korte Suprema tungkol sa wika at panitikang Filipino sa kolehiyo?
   b) Captain Amerika vs. Aliguyon: sino'ng karapatdapat na bayani ngayon?
4) Bawat piyesa ay inaasahang sumusunod sa ganitong daloy:
   a) Pagsisimula ng Lakandiwa
   b) Unang tidig ng mambabalagtas 1
   c) Unang tugon ng mambabalagtas 2
   d) Ikalawang tindig ng mambabalagtas 1
   e) Ikalawang tugon ng mambabalagtas 2
   f) Ikatlong tindig ng mambabalagtas 1
   g) Ikatlong ttindig ng mambabalagtas 2
   h) Paglalagom ng mambabalagtas 1
   i) Paglalagom ng mambabalagtas 2
   j) Pagtatapos ng Lakandiwa

5. Maaring lumihis nang kaunti sa daloy na ito sa pamamagitan ng maikling pagsingit ng Lakandiwa at iba pang kaugnay na dagdagna sangkap subalit inaasahang susundin ang nabanggit na daloy:
   a. bawat pangkat ay mayroong 15 minuto para sa pagtatanghal
   b. ang piyesa ay susulatin ayon sa mga kumbensiyon ng tradisyonal na tula (may sukat at tugma)

**PAMANTAYAN NG BALAGTASAN**

| | | |
|---|---|---|
| **1.Piyesa** | | **- 50%** |
| a. Paglinang sa paksa/ husay ng katwiran | - 30% | |
| b. pagtatagpo ng katwiran | - 20% | |
| **2. Pagbigkas** | | **-50%** |
| a. linaw sa pagbigkas | - 15% | |
| b. Pagsaulado ng piyesa | - 15% | |
| c. Tindig sa entablado | - 15% | |
| d. Kasuotan | – 5% | |
| TOTAL | | - 100% |

| | | |
|---|---|---|
| Paligsahan | **SAYAWIT** | |
| Baitang ng mag-aaral | Ika-apat (4) hanggang ikaanim (6) na baitang | |
| Bilang ng kalahok | 8 -10 na mag-aaral | |
| Oras na inilaan | hanggang matapos ang isang buong awiting Pilipino | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamantayan | Bahagdan |
| | Nilalaman ng sayaw (*positions, movements (difficulty)*) | 30% |
| | Tiyempo *(timing)* | 30% |
| | Natatangi *(uniqueness/originality)* | 20% |
| | Kasuotan | 10% |
| | Tama sa madla *(audience impact)* | 10% |
| | KABUUAN | 100% |

PAMANTAYAN:

1. Ang mga mag-aaral sa ika-apat hanggang ika anim na baitang ay sasayaw habang umaawit.
2. Akma sa sayaw ang kasuotan.
3. Walang medley, isang buong awiting Pilipino ang isasayaw.
4. Ang hatol/pasya ng inampalan ay *final.*

| | | |
|---|---|---|
| Paligsahan | **"Quiz BEE"** | |
| Baitang ng mag-aaral | Ikatlo (3) hanggang ikaanim (6) na baitang | |
| Bilang ng kalahok | Apat (4) (isa bawat baitang na nabanggit sa itaas) | |
| Oras na inilaan | Isang minuto bawat tanong | |
| Bilang ng tanong | madali | 10 |
| | katamtaman | 10 |
| | mahirap | 10 |

**PAMANTAYAN:**

1. Apat na mag-aaral ang bubuo ng isang team.
2. Ang tanong ay babasahin ng *quiz master* ng dalawang beses.
3. Magkakapuntos ang makapagbibigay ng tamang sagot.
4. Huhudyat ang *quiz master* para sa pagsisimula ng pagsulat at sa pagpapakita ng sagot
5. Ang team na may pinakamaraming puntos ang siyang mananalo.
6. Magsusuot ng *school uniform* ang mga kalahok.

| | |
|---|---|
| Paligsahan | **DALAWAHANG TINIG (Kasama Ang Magulang )** |
| Baitang ng mag-aaral | Ika-7 hanggang ika 12 na baitang |

**PAALALA: Mga Alitntunin ng ibang mga paligsahan na hindi nabanggit dito ay siya pa ring susundin.**